

## Family Day 2020 sa Brampton

BRAMPTON, ON (Pebrero 11, 2020) – Ang Family Day ay kumikilala sa kahalagahan ng mga pamilya sa ating komunidad at hinihikayat ang mga residente na gumugol ng panahon sa kanilang mga mahal sa buhay!

Sa taong ito, magaganap ang Family Day sa Lunes, Pebrero 17, 2020, at bilang bunga, hindi available ang bilang ng mga serbisyo ng Lungsod o mag-operate sa ilalim ng binawasang antas ng serbisyo.

Sarado ang City Hall ng Brampton sa Family Day. Hindi magagawa ng mga residente na mag-apply ng personal para sa mga lisensya sa pagpapakasal, mag-book ng mga civil wedding ceremony, magbayad sa mga multa sa pagparada, o mag-apply para sa mga permit o mag-renew o mag-apply para sa mga lisensya sa negosyo sa panahong ito.

Magpapatuloy ang ilang serbisyo para normal na mag-operate, kabilang ang mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensya, Pagpapatupad ng Batas ng Lungsod ng Brampton at Pagkontrol sa Hayop.

Maaaring tumawag ang mga residente sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play) o mag-email sa [311@brampton.ca](mailto:311@brampton.ca) para sa anumang mga tanong. Available kami 24/7 para sa anumang mga usapin sa Lungsod ng Brampton o Rehiyon ng Peel, kabilang ang pagparada, pagkolekta ng basura, mga programa ng paglilibang at mas marami pa.

### Brampton Transit

Ang Brampton Transit ay magbibigay ng Serbisyo sa Linggo/Holiday sa Family Day. Sarado ang mga counter ng customer service sa ating mga terminal.

Para sa impormasyon sa ruta at iskedyul, tumawag sa 905.874.2999 o bumisita sa [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com). Para sa aktwal na oras na impormasyon ng susunod na bus, pumunta sa [nextride.brampton.ca](http://nextride.brampton.ca) sa iyong smartphone o ibang mobile device. Para ibang mga tool ng pagpapalano ng biyahe, bumisita sa [www.triplinx.ca](http://www.triplinx.ca) o Google Maps.

### Paglilibang sa Brampton

Sumali sa Family Day para sa sari-saring saya, mga aktibidad na madaling gawin ng pamilya sa inyong sentro ng komunidad ng kalapitbahayan. Tingnan ang kumpletong iskedyul ng mga aktibidad online sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

### Mga Serbisyo sa Hayop sa Brampton

Sarado ang Brampton Animal Shelter sa Family Day. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 905.458.5800 o 311, o bumisita sa [www.brampton.ca/animalservices](http://www.brampton.ca/animalservices).



# BRAMPTON

## Service and Information Update

### Aklatan ng Brampton

Ang lahat ng sangay ng Aklatan ng Brampton ay sarado sa Family Day. Bilang bahagi ng inyong Family Day, subukang mag-stream ng mga pelikula at musika, magbasa ng eBook! Para sa karagdagang impormasyon sa ating mga digital na produkto, mga programa, at mga serbisyo, bumisita sa [www.bramptonlibrary.ca](http://www.bramptonlibrary.ca) o tumawag sa 905.793.4636.

-30-

#### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)